ANGEL OF THE HOLY SPIRIT ACADEMY
**FILIPINO 5**
Salitang Iisa ang Baybay pero Magkaiba
ang Bigkas at Kahulugan

Basahin ang pangungusap at bigkasin nang tama ang salitang nakasalungguhit ayon sa diwang ipinahihiwatig nito. Isulat ang titik ng kahulugan ng salita ayon sa pagkakagamit sa pangungusap.

________ 1. Nakasuot na ng ***bata*** ang dalagang paglabas niya sa banyo.
**A.** taong mura pa ang katawan at isipan
**B.** damit na isinusuot Pagkatapos maligo

________ 2. Kumuha ka ng ***pala*** para mapalalim mo ang hukay.
**A.** isang kagamitang panghukay ng lupa
**B.** isang katagang nagsasaad ng pagtataka o pag-aalinlangan

________ 3. ***Tayo***! Walang babalik sa upuan hanggat hindi ko sinasabi.
**A.** tindig; kasalungat ng upo
**B.** ikaw, ako at iba pa

________ 4. Ang ***ama*** ng sanggol ay isang tin-edyer na babae mula sa Bohol.
**A.** tatay
**B.** yaya; tagapag-alaga

________ 5. Maganda ang nabili mong ***kayo***. Pino at mukhang matibay.
**A.** ikaw at ang mga kasama mo
**B.** telang ginagawang damit at iba pa

Nakasalungguhit ang ilang salitang iisa ang baybay pero magkaiba ang bigkas at kahulugan. Bigkasin nang wasto at tukuyin ang kahulugan ayon sa pagkakagamit sa pangungusap. Isulat ang titik ng sagot sa kahon.

________ 1. Lumalalim na ang ***gabi*** kaya umuwi na tayo.

________ 2. Pamahal na rin nang pamahal ang halaga ng ***gabi***.
**A.** isang uri ng halamang-ugat
**B.** kasalungat ng araw

________ 3. Makinis at mamula-mula ang ***balat*** ng sanggol.

________ 4. May ***balat*** siyang pula sa kanang pisngi.
**A.** bagay na tumatakip sa buong katawan ng tao, hayop, at halaman
**B.** mantsa o marka sa katawan mula pa sa pagkasilang

LIVEWORKSHEETS